22110226

International Baccalaureate®
Baccalauréat International
Bachillerato Internacional

**PILIPINO A1 – HIGHER LEVEL – PAPER 2**
**PILIPINO A1 – NIVEAU SUPÉRIEUR – ÉPREUVE 2**
**FILIPINO A1 – NIVEL SUPERIOR – PRUEBA 2**

Monday 16 May 2011 (morning)
Lundi 16 mai 2011 (matin)
Lunes 16 de mayo de 2011 (mañana)

2 hours / 2 heures / 2 horas

---

INSTRUCTIONS TO CANDIDATES

- Do not open this examination paper until instructed to do so.
- Answer one essay question only. You must base your answer on at least two of the Part 3 works you have studied. You may include in your answer a discussion of a Part 2 work of the same genre if relevant. Answers which are not based on a discussion of at least two Part 3 works will not score high marks.
- You are not permitted to bring copies of the works you have studied into the examination room.

INSTRUCTIONS DESTINÉES AUX CANDIDATS

- N'ouvrez pas cette épreuve avant d'y être autorisé(e).
- Traitez un seul sujet de composition. Vous devez baser votre réponse sur au moins deux des œuvres de la 3e partie que vous avez étudiées. Le cas échéant, vous pouvez inclure dans votre réponse une discussion sur une œuvre du même genre littéraire étudiée dans la 2e partie du programme. Les réponses qui ne sont pas basées sur au moins deux des œuvres de la 3e partie n'obtiendront pas une note élevée.
- Vous n'êtes pas autorisé(e) à amener des exemplaires des œuvres que vous avez étudiées dans la salle d'examen.

INSTRUCCIONES PARA LOS ALUMNOS

- No abra esta prueba hasta que se lo autoricen.
- Elija un tema de redacción. Su respuesta deberá basarse en al menos dos de las obras estudiadas en la Parte 3. Se podrán hacer comentarios sobre una obra de la Parte 2 del mismo género, si fuera necesario. Las respuestas que no incluyan una discusión sobre al menos dos obras de la Parte 3 no recibirán notas altas.
- No se permite traer a la sala de examen copias de las obras estudiadas.



© International Baccalaureate Organization 2011

https://xtremepape.rs/

*Sagutin ang* ***isa*** *lamang tanong pangsanaysay. Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang nasa Ikatlong Bahagi na iyong napag-aralan. Maaaring isama sa sagot ang pagtalakay ng isang akda mula sa Ikalawang Bahagi kung ito ay katulad sa anyo o kung may kaugnayan. Ang mga sagot na* ***hindi*** *ibinatay sa hindi kukulangin sa dalawang akdang nasa Ikatlong Bahagi ay* ***hindi*** *mabibigyan ng mataas na marka.*

**Nobela**

**1.** Paghambingin kung paano at sa anong epekto pinalawig at pina-igting ng mga manunulat ang tema ng pagtutol sa dalawa o higit pang nobelang iyong napag-aralan.

**2.** Talakayin ang mga kasangkapang pampanitikan na ginamit ng mga manunulat sa paglikha ng makukulay na tauhan sa dalawa o higit pang nobelang iyong napag-aralan.

**Maikling Kwento**

**3.** Maghambing ng dalawa o higit pang akda ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan na sa iyong palagay ay nagbibigay boses sa mga taong nasa gilid-gilid ng lipunan at ang paraang pampanitikang ginamit para maitagumpay ito.

**4.** "Kahit ang maikling kwento ay may sariling ritmo na tumutulong sa pagpapatindi ng emosyon o pagpapadulas sa daloy ng naratibo." Hanggang saan mo masasabing totoo ang pahayag na ito sa dalawa o higit pang akda ng magkakaibang awtor na iyong napag-aralan?

**Dula**

**5.** Suriin at ikumpara ang dramatikong kabuluhan ng mga kapansin-pansing kahinaan sa karakter ng mga protagonista sa dalawa o higit pang dulang iyong napag-aralan.

**6.** Batay sa dalawa o higit pang dulang iyong napag-aralan, suriin kung ano ang natatamo ng mga mandudula sa paggamit ng kolokyal, salitang-lansangan at iba pang impormal na uri ng wika.

**Tula**

**7.** Batay sa dalawa o higit pang mga akda ng magkakaibang makatang iyong napag-aralan, hanggang saan mo masasabing ang pagkamakulay at pagkatingkad ng mga imahen ay nagpapalawak ng imahinasyon para mahagip nito ang kung hindi sana'y abstraktong ideya o konsepto?

**8.** Maghambing ng dalawa o higit pang akda ng magkakaibang makata na naglalahad ng tema ng pagkapansamantala ng buhay.



https://xtremepape.rs/

**Prosa (Hindi Kathang-Isip)**

**9.** Batay sa dalawa o higit pang mga akda ng magkakaibang manunulat, hanggang saan masasabing higit na epektibo sa pag-impluwensya ng mga mambabasa ang pagpapahiwatig kaysa lantarang pagbubunyag ng isang ideya o pananaw o posisyon sa isang usapin?

**10.** Talakayin kung paano at hanggang saan masasabing ang paglalahad ng mahahalagang usaping umaapekto sa mga tao at lipunan ay isang paraan ng pagtutulay sa kaalaman at alaala ng magkakaibang henerasyon. Gamitin ang dalawa o higit pang mga akda sa iyong pag-aaral.

**Panlahat na mga Tanong**

**11.** "Ang panitikan ay tulad ng lente ng isang kamera na tumututok at nagpapatingkad sa isang bagay o ideya." Talakayin kung hanggang saan masasabing totoo ang pahayag na ito sa dalawa o higit pang akdang pampanitikan na iyong napag-aralan.

**12.** "Ang halaga ng panitikan ay wala sa haba nito kundi sa kahusayan nito." Talakayin kung gaano katotoo ang pahayag na ito batay sa dalawa o higit pang akdang pampanitikan na iyong napag-aralan.

**13.** Hanggang saan mo masasabing totoo ang pahayag na higit na mabisa ang panitikan sa pagpapalalim ng pag-unawa sa mga pangyayari sa kasalukuyan man o sa nakaraan kaysa anumang historikal na panulat o pagrereport sa dyaryo? Ibatay ang iyong sagot sa dalawa o higit pang akdang pampanitikan na iyong napag-aralan.

**14.** Batay sa dalawa o higit pang akdang iyong napag-aralan, sa anong mga paraan at gaano kamabisa ang pagpapasok ng mga manunulat ng mga elemento o teknik sa panulat mula sa ibang dayuhang kultura?

---



https://xtremepape.rs/